4

# Modelong Banghay Aralin sa GMRC

Kuwarter 3

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 2 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025.Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo:**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)

**Mga Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)
- Voltaire M. Villanueva (Philippine Normal University)

**Management Team**

Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa pagtitipid at pag-iimpok para makatulong sa kapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok na nakalaan para sa sarili at kapuwa bilang tanda ng pagiging matipid. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakapagsasanay sa pagiging matipid sa pamamagitan ng pagtatabi ng mga bahagi ng baong pera (*allowance)* o gamit na ayon sa kakayahan na maaaring makatulong sa sarili o kapuwa sa panahon ng pangangailangan.**<br>1. Naipahahayag ang ugnayan ng sariling pagtitipid at pag-iimpok sa pagtulong sa kapuwa.<br>2. Naipaliliwanag na ang pagtitipid at pag-iimpok para makatulong sa kapuwa ay mahalagang disiplinang pansarili na dapat linangin upang matugunan ang pangangailangan ng sarili at kapuwa sa takdang panahon.<br>3. Nailalapat ang mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok na nakalaan para sa sarili at kapuwa. |
| **D. Nilalaman** | Iba't ibang paraan ng pagtitipid at pag-iimpok na nakatuon sa pagtulong sa kapuwa. |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Matipid / Thrifty |
| **F. Integrasyon** | Kaalaman sa pananalapi o *Financial Literacy* |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Dela Cruz, F.M. & Quijano, Y.S. (n.d.). *Edukasyong pagpapakatao: teaching guide on financial literacy*. Manila: Banko Sentral ng Pilipinas<br><br>eCompareMo. (2020). *From Broke To Billionaire: 10 Success Stories Of Self-Made Filipino Entrepreneurs.* Retrieved on December 20, 2023 from https://www.ecomparemo.com/info/broke-to-billionaire-filipino-entrepreneurs<br><br>Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House<br><br>Webster, A. (2023). *Family-friendly frugality: Embracing a thrifty lifestyle with kids.* https://adventuresinwebsterland.com/finance/family-friendly-frugality-embracing-a-thrifty-lifestyle-with-kids/#:~:text=Teaching%20Responsibility%3A%20Frugality%20encourages%20responsibility,bonds%20and%20creating%20cherished%20memories.<br><br>Yrrahfaithmendoza998. (2022) *Cellphone ng Pagtitipid at Pag-iimpok.* https://brainly.ph/question/26623426 |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman *(Mind and Mood)*** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>***PSP: Problema, Solusyon, Pangungusap***<br>Tatalakaying balik-aral na paksa: Kahalagahan ng Kapuwa sa pamilya<br><br>Problema: Ano ang mga suliranin sa loob ng pamilya sa pagtulong sa kapuwa?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>Solusyon (Mungkahi ng mag-aaral sa nabanggit na problema): ________________ | Pagtambalin ang mag-aaral. Ang isa ay tutukoy sa suliranin at ang isa naman ang magbibigay ng solusyon.<br><br>Matapos na pagtambalin ang mag-aaral, magkatuwang na ipahayag sa paraan pasulat o pasalita ang pangungusap na naglalaman ng suliranin at solusyon. Kinakailangan ang pangungusap ay |

| | | |
|---|---|---|
| | ________________________________________________<br>________________________________________________<br>Pangungusap (pinagsamang pangungusap ng naisaad sa Problema at Solusyon):<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br><br>**Tatak at Impak** (Pagbuo ng mga Pangunahing Pangungusap na makikita ang mga katagang ito: "May tungkulin ang pamilya sa kapuwa"): ____________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________ | malinaw at lohikal na naglalaman ng kumpletong diwa.<br><br>Muling pagtambalin ang mag-aaral. Tiyaking iba ang magiging katambal at iba rin ang gawain ng bawat mag-aaral.<br><br>Bumuo ng talahanayan ng suliranin at solusyon. Ang nabuong talahanayan ang pagbabatayan sa pagbuo ng pangunahing pangungusap sa balik-aral. |
| **B. Paglalahad ng Layunin *(Aims)*** | **PANGHIKAYAT NA GAWAIN**<br><br>**Pagsulat ng *Bucket List*.** Gumawa ng listahan ng mga aktibidad na gusto o pinapangarap mong gawin.<br><br>Ang Aking *Bucket List*<br>1.__________________________<br>2.__________________________<br>3.__________________________<br>4.__________________________<br>5.__________________________<br><br>**Aral na Lilinangin:** Kailangan natin mag-ipon, mag-impok at magtipid upang magawa ang mga aktibidad na gusto o pinapangarap mong gawin.<br><br>**Pag-uugnay sa Balik-Aral:** Mas mabuting isali ang ating kapuwa sa ating *Bucket List* at mag-isip ng mga paraan upang makapagtipid hindi lamang para sa sarili kundi para din sa kapuwa. | Tatawag ng mga limang mag-aaral upang magbahagi ng isinulat sa kanilang *Bucket List.* |

| | | |
|---|---|---|
| | **PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>**Hanap, Usap, Kalap:** Gawin ang sumusunod:<br><br>Paghahanap (Maghahanap isa-isa ng kamag-aral na makakapareha)<br>Pangalan ng kamag-aral:____________________ Kaniyang Lagda:________<br>Pangalan ng kamag-aral:____________________ Kaniyang Lagda:________<br>Pangalan ng kamag-aral:____________________ Kaniyang Lagda:________<br>Pangalan ng kamag-aral:____________________ Kaniyang Lagda:________<br>Pangalan ng kamag-aral:____________________ Kaniyang Lagda:________<br><br>Pag-uusap (Pagbabahagi ng mga pamamaraan sa pagtitipid at pag-iimpok)<br><br>Aking pamamaraan ng pagtitipid o pag-iimpok:____________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Kalap (Kakalapin ang mga sagot upang makita ang mga pamamaraan ng pagtitipid at pag-iimpok): ____________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Napagpasyahan na awtput:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | Kung hindi pantay ang bilang ng mag-aaral, maaaring magkaroon ng tatluhang pagtatambal. Magbabahagi at magtatala ng mga bawat naibahagi ang magkapareha. Pagkatapos ay hahanap ulit ng bagong makakapareha at ulitin ang pagtatala.<br><br>Sa pagproseso, tukuyin ang halos pareho ang kasagutan at sila ay magsama-sama (magsasama naman ang mga magkakaibang sagot).<br><br>Bubuo ng isang awtput na maaaring ilagay sa plakard o islogan, awit o pahayag, o anomang awtput na ipapahayag ang epektibong pamamaraan ng pagtitipid at pag-iimpok. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>PAGHAWAN NG BOKABULARYO SA NILALAMAN NG ARALIN<br><br>Pisara ng Pagkakaisa. Mula sa natutuhan sa mga nakalap na impormasyon tungkol sa pagtitipid at pag-iimpok, magbabahagi ang lahat ng mag-aaral ng kanilang karanasan ng pagtitipid (pagkain, pera, oras, lakas, at iba pa).<br><br>Isusulat ang karanasan sa pagtitipid sa maliit na papel.<br><br>Ang Aking Karanasan sa Pagtitipid<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Tatawagin ang lahat ng mag-aaral, bubunot sa mga papel at isusulat sa pisara ang nakasulat sa papel. Susuriin ang mga nakasulat sa pisara ayon sa mga kategorya ng pagtitipid na may kaugnayan sa pagkain, pera, oras, lakas, at iba pa.</td>
<td>Babalikan ang mga sagot sa “kalap” na bahagi sa Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin.<br><br>Hindi lalagyan ng pangalan ang papel.</td>
</tr>
<tr>
<td>Paglinang at Pagpapalalim<br>(Tasks and Thoughts)</td>
<td>IKALAWANG ARAW<br><br>UNANG PAKSA: Layunin ng Sariling Pagtitipid at Pag-iimpok<br><br>PAGPROSESO NG PAG-UNAWA<br>TalaKaalaman: Sagutin ang mga tanong:<br>Bakit ako nagtitipid ngayon?<br>Kung hindi, at mabibigyan ako ng pagkakataon magtipid ngayon, para saan o kanino ako magtitipid sa kasalukuyan?</td>
<td>Sa isang maliit na papel isusulat ang sagot na walang pangalan.<br><br>Ididikit sa pisara ang lahat ng sagot.<br><br>Isa-isang lalapit ang mag-aaral at pipili ng isang papel na bibigyan nya ng personal na mensahe.</td>
</tr>
</table>

Bakit ako ay nagtitipid?

Mensahe ni ________________________________
(isulat ang pangalan mo)

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Buhay-Tanong-Sagot (BTS):** Basahin ang mga nangyari sa buhay ng sumusunod at sagutin ang tanong sa huli. Gawing gabay sa pagmarka ng sagot ang nakapaloob na rubriks.

Rubriks Para sa Pagsusuri:

| Pamantayan | | | | | | Kabuoang Puntos |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Diwa | 50% Napakahusay na nilalaman at diwa | 40% Mahusay na nilalaman at diwa | 30% Mayroong nilalaman at diwa | 20% Hindi mahusay na nilalaman at diwa | 10% Walang nilalaman at diwa | |
| Kabuoang Kaayusan | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan | 30% Mayroong kabuoang kaayusan | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan | 10% Walang kabuoang kaayusan | |

Ang laman ng mensahe ay pagpapatibay ng loob.

Ididikit ang ginawang personal na mensahe sa ilalim ng papel.

Isang mensahe lamang sa bawat papel.

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Si Mariano Que, tagapagtatag ng Mercury Drug, ay ginamit ang kaniyang kaalaman sa mga parmasyutiko, bumili siya ng mga *antibiotic* at ibinenta ang mga ito sa mga mahihirap na lugar. Ang natipid niyang P100 ay ginawang puhunan at gumawa ng kariton na nagbigay-daan sa kaniya na magbenta ng higit pang mga *antibiotic* at maabot ang mas maraming lugar.<br><br>Anong uri ng pagtitipid ang ginawa ni Mariano Que?______________________________<br>_________________________________________________________________________<br>_________________________________________________________________________<br><br>2. Si Socorro Ramos, na kilala ng marami bilang Nanay Coring at isa sa nagtatag ng *National Bookstore*, ay dating nagbabalat ng papel mula sa mga itinapong sigarilyo para lamang kumita ng limang sentimo. Naging isang *salesgirl* sa isang *bookstore* at natutuhan niya ang mga gawain ng negosyo.<br><br>Anong uri ng pagtitipid ang ginawa ni Socorro Ramos? ____________________________<br>_________________________________________________________________________<br>_________________________________________________________________________<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br>Ipakita ang tsart ng awit na “Magtipid.” Awitin ito sa himig ng “Leron Leron Sinta.”<br><br>“Magtipid”<br>(mula sa aralin ni Dela Cruz at Quijano)<br><br>Bata magtipid ka<br>Buhay mo’y gaganda<br>Pera’y mahalaga<br>Ingat sa paggasta<br>Bukas ay gaganda<br>Buhay sasagana<br>Bata, kaya mo ba?<br>Magtipid lagi na. | **Inaasahang mga sagot:**<br>1. Pagtitipid para makapundar ng puhunan, pagtitipid sa transportasyon, at iba pa.<br><br>2. Pagtitipid ng mga papel, pagtitipid para matutunan ang negosyo, at iba pa. |

| | | |
|---|---|---|
| | Muling awitin ang awit. Pagkatapos, ipaulit sa mga bata ang mga linya ng awitin. Itanong ang sumusunod:<br><br>a. Tungkol saan ang awit? ________________________________________<br>______________________________________________________<br>______________________________________________________<br><br>b. Ayon dito, ano ang mangyayari sa buhay kung magtitipid? sa bukas o kinabukasan?<br>______________________________________________________<br>______________________________________________________<br><br>c. Ano ang itinatanong sa awit? ____________________________________<br>______________________________________________________<br>______________________________________________________<br><br>d. Ano ang iyong magiging sagot? ___________________________________<br>______________________________________________________<br>______________________________________________________<br><br>e. Kaya mo bang magtipid? Paano?___________________________________<br>______________________________________________________<br>______________________________________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**IKALAWANG PAKSA: Pagtitipid at Pag-iimpok Bilang Disiplinang Pansarili**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA:**<br><br>**Bintana ng Pag-unawa:** Sagutin ang sumusunod at itala ang sagot sa larawan ng bintana.<br><br>Reyalisasyon – Ano ang iyong naranasang hadlang sa pagtitipid at pag-iimpok?<br>Emosyon – Ano ang iyong naramdaman at saloobin sa hadlang na ito? | |

Integrasyon – Saang bagay, situwasyon o kaganapan maaari mong maihambing ang saloobin na ito?

Aksiyon – Ano ang iyong imumungkahi upang matugunan ang mga hamon at hadlang sa pagtitipid at pag-iimpok?

| REYALISASYON | INTEGRASYON |
|---|---|
| ______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________ |
| **EMOSYON** | **AKSIYON** |
| ______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________ |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Sitwasyon-Muni-Sagot (SMS):** Basahin ang mga nangyari sa buhay ng sumusunod at sagutin ang tanong sa huli. Gawing gabay sa pagmarka ng sagot ang rubriks na nakapaloob.

Rubriks Para sa Pagsusuri:

| **Pamantayan** | | | | | | **Kabuoang Puntos** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Diwa | 50% Napakahusay na nilalaman at diwa | 40% Mahusay na nilalaman at diwa | 30% Mayroong nilalaman at diwa | 20% Hindi mahusay na nilalaman at diwa | 10% Walang nilalaman at diwa | |
| Kabuoang Kaayusan | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan | 30% Mayroong kabuoang kaayusan | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan | 10% Walang kabuoang kaayusan | |

Unang Sitwasyon: *Ang Magsasapatos*

Sa kaniyang bahay lamang ang pagawaan ng sapatos, tsinelas, at sinturon ni Mang Ben. Limang tao ang inuupahan niyang manggagawa. Matiyaga niyang sinusuri at tinitingnan ang bawat sapatos, tsinelas, o sinturon. Sinusuri niya kung tama ang pagkakatahi at pagkakadikit ng mga bahagi. Mura lang niyang nabibili ang mga balat o *katad*. Ang pinagtabasan ng *katad* para sa sapatos ay ginagamit sa paggawa ng tsinelas. At ang natitira ay ginagawan ng paraan upang mabuong sinturon.

Sa lahat ng pagkakataon, kung makatitipid ay nagtitipid si Mang Ben. Kaya naman, mababa na ang halaga ng produkto nila matibay pa. Dahil sa mataas na kalidad ng mga sapatos, tsinelas, at sinturon ni Mang Ben, marami siyang kostumer sa tindahan.

Ikalawang Sitwasyon: *Ang Manggagawa ng Kakanin*

Maagang nabiyuda si Aling Merang. Dalawa ang kaniyang anak, kaya sa kaniya naatang ang responsibilidad sa pagpapalaki at pagpapaaral ng mga ito. Ginamit niya ang kahusayan sa pagluluto ng suman, puto, at biko. Umupa siya ng maliit na espasyo sa palengke at doon siya nagtinda ng mga kakanin. Lahat ng paraan ng pagtitipid ay ginagawa niya. Naghahanap siya ng mabibilhan ng murang malagkit, niyog, at asukal na ginagamit niya sa paggawa ng kakanin. Noong buhay pa ang asawa mahilig siyang manood ng sine. Ngayon ay di na siya nanonood upang makatipid. Sa TV na lang siya nakakapanood ng mga palabas.

Naipamana niya sa kaniyang mga anak ang pagtitipid sa mga gamit at maging sa oras. Nang lumaon katulong na ni Aling Merang ang mga anak. Nakapagluluto na rin sila ng iba't ibang kakanin tulad ng kalamay, bibingka, espasol, at sapin-sapin na nakaaangat sa lasa at sarap. Nagkaroon na rin siya ng sariling puwesto. Maaaring umorder sa kanila kapag may mga okasyon at handaan.

Mga gabay na tanong:

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Paano naipakita ang katangiang pagtitipid sa dalawang sitwasyon? Ipaliwanag.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Namamana rin ba ang katangian sa pagtitipid? Bigyan ng katwiran ang sagot.<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY.**<br>**Pagmumuni-muni:** Sa pagtitipid at pag-iimpok bilang disiplinang pansarili, sumasang-ayon ka ba o hindi sa sumusunod na pangungusap?<br>Lagyan ng tsek (√) ang hanay na nagpapahayag ng iyong saloobin tungkol sa mga sumusunod: | Bigyang-diin ang mga sumusunod:<br><br>Hinihikayat ang pagiging matipid ayon sa ating kakayanan.<br>Responsibilidad ang pagtitipid para sa kinabukasan.<br>Maging matalino sa paggastos.<br>Kapag nagtipid, may ipon at impok.<br>Bilhin lamang ang mga bagay na kailangan sa buhay. |

| | Sang-ayon | Di Sang-ayon |
|---|---|---|
| 1. Ang pagtitipid ay isang gawaing magagawa natin sa abot ng ating makakaya. | | |
| 2. Kailangan nating magtipid para sa kinabukasan. | | |
| 3. Mahalaga ang pera kaya dapat maging maingat sa paggasta. | | |
| 4. Makakaipon kung magtitipid. | | |
| 5. Gaganda ang kinabukasan kung bibili nang bibili ng mga bagay na hindi kailangan. | | |

**IKATLONG PAKSA: Mga Pamamaraan ng Pagtitipid at Pag-iimpok na Nakalaan para sa Sarili at Kapuwa.**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

**Tseklis:** Lagyan ng tsek (√) ang kolum na tumutugon kung gaano kadalas mo ginagawa ang gawaing nakatala sa unang hanay.


| Gawain | Palagi | Madalas | Paminsan-minsan |
|---|---|---|---|
| 1. Pinapatay ang ilaw kung matutulog na. | | | |
| 2. Iniiwasan ang madalas na pagbubukas at pagsasara ng *refrigerator*. | | | |
| 3. Pinapatay ang telebisyon kung nagkukuwentuhan. | | | |
| 4. Tinatanggal sa saksakan ang *electric fan* kung aalis at kung hindi gagamitin. | | | |
| 5. Hindi na ginagamit ang *washing machine* kung mga panyo at malilit na bagay lamang ang lalabhan. | | | |
| 6. Pinapatay ang ilaw ng *classroom* kapag walang tao. | | | |
| 7. Tinatanggal sa saksakan ang *electric fan* sa classroom kung hindi gagamitin. | | | |
| 8. Iniipon ang basura sa paaralan at itinatapon sa tamang tapunan. | | | |
| 9. Lalakarin ang pagpasok sa paaralan kung ito'y malapit lamang. | | | |
| 10. Kaunting *monthly contribution* ng buong klase para sa kapuwang nangangailangan. | | | |

Ipaliwanag ang nakasulat sa numero uno (1) hanggang lima (5) bilang pagtitipid para sa sarili. Ang mga nakasulat naman sa numero anim (6) hanggang sampu (10) ay pagtitipid para sa kapuwa.

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Buhay-Tanong-Sagot (BTS):** Alin sa mga katangiang nasa loob ng parihabang kahon ang di-kanais-nais na pamamaraan ng pagtitipid at pag-iimpok? Paano nakatutulong

| | | |
|---|---|---|
| | ang mga kanais-nais na katangian sa pagtitipid at pag-iimpok? Isulat sa patlang ang mga tamang sagot.<br><br>magastos<br>mainipin<br>makupad kumilos<br>malakas ang loob<br>masipag<br>matiisin<br>matiyaga<br>may bisyo<br>pabaya<br>takot sa responsibilidad<br>tamad<br>walang hilig sa gawain<br>walang malasakit sa kapuwa<br>walang sistema<br>walang tiwala sa sarili<br><br>Kanais-nais na katangian: ___________________, ___________________<br>___________________, ___________________<br><br>Di kanais-nais na katangian: ___________________, ___________________, ___________________<br>___________________, ___________________, ___________________<br>___________________, ___________________, ___________________<br>___________________, ___________________<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>***Cellphone* ng Pagtitipid at Pag-iimpok**<br><br>Isulat sa mga kahon na nasa "cellphone" ang ilan sa iyong mga realisasyon na nais mong isakatuparan upang maipamalas ang mga angkop na kilos sa pagtitipid at pag-iimpok.<br><br>*STOP* para sa mga gawaing nais mong itigil, | **Mga tamang sagot:**<br><br>*Kanais-nais na katangian:*<br>malakas ang loob<br>masipag<br>matiisin<br>matiyaga<br><br>*Di kanais-nais na katangian:*<br>magastos<br>mainipin<br>makupad kumilos<br>may bisyo<br>pabaya<br>takot sa responsibilidad<br>tamad<br>walang hilig sa gawain<br>walang malasakit sa kapuwa<br>walang sistema<br>Walang tiwala sa siliri<br><br>Halimbawang sagot:<br>STOP: pag gastos ng pera<br>PAUSE: pag bili ng pagkain o gamit<br>PLAY: pag ipon, mag-impok, pagtitipid |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>PAUSE para sa mga gawaing nais mong pag-isipan o pagnilayan kung aalisin mo o ipagpapatuloy mo,<br>PLAY para sa mga gawaing nais mong ipagpatuloy sa kasalukuyan at<br>NEXT para sa mga aksiyon/plano mo pang gawin para ikaw ay makatipid at makapag-impok.<br>

</td>
<td>NEXT: pag-iipon sa alkansiya, pag-iwas bumili ng hindi importanteng kagamitan</td>
</tr>
<tr>
<td>Paglalahat<br>(Abstraction)</td>
<td>IKAAPAT NA ARAW<br><br>PABAONG PAGKATUTO<br><br>Ganyakin ang mga mag-aaral sa pagkanta ng “Batang Matapat Mag-impok”.<br>Batang Matapat Mag-impok<br>(Sa himig ng: Leron, Leron Sinta)<br><br>Ang batang si Onyok<br>Matapat mag-impok<br>Balik sa tindera<br>Sukling sobra-sobra<br>Bagay na napulot<br>Sa may-ari iaabot<br>‘Sang batang matapat<br>Tularan siyang dapat.<br><br>Panuto. Lagyan ng tsek (√) ang kolum ng pangyayaring angkop sa iyo.
<table>
<tr><th>Sitwasyon</th><th>Nangyari</th><th>Di-Nangyari</th></tr>
<tr><td>1. Naisauli sa may-ari ang napulot na cellphone.</td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>Aral ng kanta:<br>Matapat na pagtitipid at pag-iimpok para sa kapuwa. Maaaring huwag na ibalik ni Onyok ang sobrang sukli, o huwag na ibalik ang mga bagay na napulot at ibigay na lang sa kapuwa, ngunit di n’ya ito ginawa dahil ang tindera at ang may-ari ng gamit ay itinuturing din ni Onyok bilang kapuwa.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| 2. Naibalik sa tindera ang sobrang sukli. | | |
| 3. Ibinalik sa magulang ang sumobrang baong pera. | | |
| 4. Ibinigay sa may-ari ang napulot na pitakang may pera. | | |
| 5. Natutuwa kung nakagawa nang mabuti sa kapuwa. | | |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

Magbigay ng kalutasan sa sumusunod na situwasyon.

1. Nakapulot ka ng payong sa kantina. Hindi mo kilala ang may-ari nito. Ano ang gagawin mo?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Pera ang ibinigay sa iyo na gantimpala ng may-ari ng perang napulot mo. Paano mo ito gagastusin?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Napulot mo ang pitakang may perang malaki ang halaga. Hindi mo kilala ang may-ari nito. Ano ang gagawin mo? Saan ka pupunta upang ipaalam ito?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Aral sa Pagninilay sa Pagkatuto:

1. Huwag mag-iimpok ng mga bagay na hindi sa iyo, o hindi mo pinaghirapan.

2. Gastusin ng tama ang natanggap na gantimpala sa sarili, sa pamilya, at sa kapuwa.

3. Ituring lahat ng tao sa paligid bilang kapuwa na dapat tulungan, mayaman man o hindi. Kaya pumunta sa mga kinauukulan (barangay, istasyon ng pulis, at iba pa) para isauli at ipaalam ang napulot na hindi mo pagmamay-ari.

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** ***(Tools for Assessment)*** | **PAGSUSULIT/EBALWASYON:**<br><br>**Tama o Mali:** Isulat ang "Tama"sa patlang kung Tama ang isinasaad ng pangungusap. Isulat ang "Mali"sa patlang kung Mali naman ang isinasaad ng pangungusap.<br><br>_______1. Ang pagiging matipid ay maaaring isama sa kaalaman sa pananalapi o *financial literacy.*<br><br>_______2. Ang pagtitipid at pag-iimpok ay limitado lang sa pag-iipon ng pera.<br><br>_______3. Ang pagtitipid at pag-iimpok ay mahalagang disiplinang pansarili na dapat linangin upang matugunan ang pangangailangan ng sarili at kapuwa sa takdang panahon.<br><br>_______4. Ang pagtitipid ay isang gawaing magagawa natin sa abot ng ating makakaya.<br><br>_______5. Ang pagtitipid ay maaaring makatulong sa sarili o kapuwa sa panahon ng pangangailangan.<br><br>_______6. Gaganda ang kinabukasan kung bibili nang bibili ng mga bagay na hindi kailangan.<br><br>_______7. Hindi naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok na nakalaan para sa sarili at kapuwa bilang tanda ng pagiging matipid.<br><br>_______8. Kailangan natin mag-ipon, mag-impok, at magtipid upang magawa ang mga aktibidad na gusto o pinapangarap mong gawin.<br><br>_______9. Kailangan nating magtipid para sa kinabukasan.<br><br>_______10. Kaya tayo nagtitipid at nag-iimpok ay para makatulong sa ating kapuwa.<br><br>_______11. Lahat ng mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok na nakalaan para sa sarili at kapuwa ay madali.<br><br>_______12. Mahalaga ang pera kaya dapat maging maingat sa paggasta. | **Mga tamang sagot:**<br>1. Tama<br>2. Mali<br>3. Tama<br>4. Tama<br>5. Tama<br>6. Mali<br>7. Mali<br>8. Tama<br>9. Tama<br>10. Mali<br>11. Mali<br>12. Tama<br>13. Tama<br>14. Tama<br>15. Tama<br>16. Tama<br>17. Mali<br>18. Mali<br>19. Mali<br>20. Mali |

| | | |
|---|---|---|
| | _______13. Makakaipon kung magtitipid.<br><br>_______14. Mas mabuting isali ang ating kapuwa sa ating *Bucket List* at mag-isip ng mga paraan upang makapagtipid hindi lamang para sa sarili, kundi para din sa kapuwa.<br><br>_______15. May mga hadlang na maaaring maranasan sa pagtitipid at pag-iimpok.<br><br>_______16. May ugnayan ng sariling pagtitipid at pag-iimpok sa pagtulong sa kapuwa.<br><br>_______17. Mga mahihirap lamang sa paligid ang ituring bilang kapuwa na dapat tulungan.<br><br>_______18. Napakadali at napakasimpleng isagawa ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa pagtitipid at pag-iimpok para makatulong sa kapuwa.<br><br>_______19. Sa totoo lang, walang tungkulin ang pamilya sa kapuwa.<br><br>_______20. Walang Pilipino na puwedeng maging modelo ng pagtitipid at pag-impok.<br><br>**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN:**<br><br>**Talaan ng Gastusin:** Gawan ng Lingguhang Badyet ang iyong baon na P________.<br>Sikaping mayroon ka pang P10 na impok bawat linggo. Narito ang iyong mga gastusin:<br><br>1. Pamasahe ————————————P<br><br>2. Pagkain/Meryenda ————————P<br><br>3. Mga iba pang kinakailangang bilhin — P<br><br>May dagdag na gawain =============P________________<br><br>Impok P 10.00<br>Pangkalahatang layunin:<br>Pantay-pantay ang lahat sa disiplina sa pagtitipid at pag-iimpok. | |

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>